
UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



"Papag-usapan natin sa miting mam'ya 'yung pag-alis daw ni Macoy sa PCO. Itutuloy din natin 'yung usapan sa linyang masa."

Kundi naririnig, ang ibinubulong ng aktibistang nars sa kasamahan ay di mahuhulaang ukol sa pagkilos ng isang lihim na grupong nagtataguyod ng rebolusyon.

Maraming kolektibang pambansa-demokratiko ang binubuo ng Partido sa mga ospital, iskwela, at iba pang kinatatagpuan ng mga kabilang sa panggitnang pwersa.

Basahin sa pahina 3 at 5 ang magkaugnay na mga artikulo.

AGOSTO 1983

## NILALAMAN

71 riple, naagaw sa Norte 2
Katulong sa pamumuno 3
Natututo, nagbabago 5
Digmaan at kapayapaan 8
Ispesyal na kursong pampartido 10
Kriminalidad 11
Balita 12
Internasyonal 14

# 71 riple, naagaw sa Norte

Pitumpu't isang malalakas na riple ang nakumpiska ng Bagong Hukbong Bayan sa 25 operasyong inilunsad laban sa mga yunit ng Northern Command (Northcom) ng AFP sa Cagayan Valley mula Pebrero hanggang Hulyo. Kabilang sa mga nakumpiska ang 52 ripleng M16, dalawang M203 at isang masinggang M60.

Sa mga pag-atakeng ito (12 ambus, 2 reyd, 1 isnayping at 10 operasyong partisano), napatay ng mga Pulang mandirigma ang 63 pasistang sundalo, kabilang ang limang tinyente, at nakasugat sa 19 pang iba. Napasuko naman ang 11, na ang karamiha'y mga pulis at myembro ng CHDF.

Sa kasaysayan ng armadong pakikibaka sa rehiyon, walang kasingdami ang armas na nasamsam sa loob ng anim na buwan. Gayundin, walang kasinlawak ang mga operasyon--mula sa Gonzaga, Cagayan sa dulong hilaga, hanggang sa Solano, Nueva Vizcaya sa timog; mula sa paanan ng bulubunduking Kordilyera sa Luna, Kalinga-Apayao hanggang sa baybaying Pasipiko sa Palanan, Isabela. Narito ang ditalye ng ilang mahahalagang operasyon:

--Tambang sa 14-kataong pwersa ng PC-INP-CHDF sa Luna, Kalinga-Apayao noong Hulyo 12. Napatay ang siyam na kaaway at napasuko ang dalawa pa. Naagaw ng mga Pulang mandirigma ang siyam na M16, 59 na magasin at 1,250 bala.

--Pagdidisarma nang walang putok sa tatlong pulis na sakay ng dyip sa Palanan, Isabela, noon ding Hulyo. Sa halip na paputukan, pinahinto na lamang ng mga kasama ang dyip at pinasurender ang kaaway. Tatlong M16 at mga bala ang nakumpiska nila.

--Tambang sa limang sundalo ng 58th PC Bn sa Flora, Kalinga-Apayao noong Hunyo 9. Nalipol ang kaaway at naagaw ng mga kasama ang limang M16. Bago nito, inambus din ng isang yunit ng BHB ang isang dyip ng kaaway sa bayan ding ito noong Mayo 23. Patay ang pitong pasista, kabilang ang isang tinyente ng PC at isang tinyente ng pulisya. Lima ring M16 ang nasamsam ng BHB.

--Tambang sa isang trak ng 58th PC Bn sa Lallo, Cagayan noong Mayo 15. Lipol ang 15-kataong pwersa ng kaaway, kabilang ang isang tinyente, at nakumpiska ng BHB ang limang M16, dalawang M203 at isang masinggang M60.

--Biglaang pag-atake sa 16-kataong pwersa ng 17th IB (PA), habang nagpapahinga sa isang baryo ng Sto. Niño, Cagayan, noong Pebrero 6. Anim na kaaway ang napatay habang nagpulasan ang kanilang mga kasamahan. Limang M16 at isang *Browning automatic rifle* (BAR) ang nakumpiska ng hukbong bayan.

Samantala, 12 pang baril (11 M16 at 1 ripleng Garand) ang naagaw ng mga Pulang mandirigma at aktibistang masa sa mga operasyong partisanong inilunsad laban sa paisa-isa o dala-dalawang kaaway.

Napaharap din ang ilang yunit ng hukbong bayan sa limang depensibong labanan. Imperyor man ang kanilang pwersa, nagawa nilang maagaw ang inisyatiba. Tinatayang di bababa sa 40 pasistang tropa ang napatay habang lumulusot ang mga kasama sa kubkob ng kaaway. Sa dalawang pagkakataon nga'y nakaagaw pa sila ng dalawang riple mula sa mga bumulagtang kaaway.

Habang bumibilis ang kumpas ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon at napapanday sila sa pakikidigmang gerilya, patuloy naman sa pagbalasa ang Northcom sa kanilang mga panagupang batalyon. Isang dahilan rito'y ang sumisidhing pagkamuhi ng mga mamamayan sa mga pasistang tropa at pagbaba ng moral ng kaaway, laluna yaong mga yunit nila na lumalasap ng paparaming pagkatalo sa labanan. ●



Nasa pahina 12 ang ibang balita. >



## Mga grupong N-D sa panggitnang pwersa:

# Katulong sa pamumuno



Patapos ang pulong ng limang aktibistang nars sa isang bahay na malapit sa ospital. "Dalasan pa natin ang ganitong pag-uusap," sabi ng isa, "Ang dami-daming nangyayari, e. Di tayo makakapanguna kung tayo mismo, hindi nakakapagbalitaan, di nakakapagsuri." Nasa ibang bahay naman noon at nag-aaral ng maikling kurso sa lipunan at rebolusyong Pilipino ang tatlong duktor na araw-araw nilang nasasalubong sa ospital.

Magkahiwalay na nakabuo ang mga lihim na grupong ito, gaya ng sa iba pang ospital at sa mga paaralan, ligal na asosasyon, at institusyon. Ito ang mga kolektibang pambansa-demokratiko (N-D o *national-democratic*) ng mga propesyonal, intelektwal, tao ng simbahan, at negosyanteng makabayan.

Ang sektor na kinikilusan nila ay nakaaangat na antas ng kabuhayan ng anakpawis, ngunit dumaranas din ng kaapihan at pagsasamantala. Kilala ito sa tawag na panggitnang pwersa, at nabibilang sa petiburgesya ang karamihan sa mga bumubuo.

Marami sa kanila, laluna ang mga may propesyon, ay mga likas na lider sa opinyon at may potensyal na kakayahan sa rebolusyonaryong propaganda. Marami ang may natatanging mga kasanayan at may mahigpit na ugnayan sa batayang masa na di pa organisado.

Sa sariling mga pagkilos at sa pagsuporta sa pakikibaka ng masang anakpawis, pumapaloob ang mga panggitnang pwersa sa hanay ng rebolusyonaryong kilusang masa at nag-aambag nang malaki sa pagsulong nito. Target din sila ng panunupil ng rehimen, habang nagsisilbing kalasag laban sa marahas na panunupil sa pakikibaka ng anakpawis.

### Gawain, kahalagahan

Nangunguna ang mga grupong N-D sa mga panggitnang pwersa para lalong isulong ang mga pakikibakang masa at paghandaan ang mas mariring bigwas ng kaaway.

Sa patnubay ng Partido, nangunguna sila sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagmomobilisa sa iba't ibang sektor ng mga panggitnang pwersa. Para makalugar sa unahan ng kani-kanilang baseng masa--mga ispesipikong sektor sa hanay ng panggitnang pwersa--at mapagmartsa ito sa isang militanteng kilusan, nagpapakahusay ang mga myembro ng grupong N-D sa ka-

nilang mga okupasyon at sa kanilang pagiging mga rebolusyonaryong aktibista.

Nakikipagkaibigan sila sa maraming tao, pumapasok sa natural at pormal na mga bukluran, at kinakamit ang respeto ng masa sa kanilang prinsipyo at kabuuang pagkatao. Dahil sapat silang namulat sa kahalagahan ng kanilang mahusay na pagkilos, nagiging handa sila sa ibayong pagsasakripisyo. Sa kabila ng tambak-tambak na gawain sa kanilang okupasyon at pag-asikaso sa iba pang mga pangangailangan ng pamilya, pilit nilang napaglalaanan ng oras ang marami ring ihinahanay nilang mga pampulitikang gawain ng kanilang grupo.

Pinag-aaralan nilang maigi ang rebolusyonaryong linya, ang oryentasyon ng gawain sa kani-kanilang sektor, at ang mga taktikang ginagamit. Nagdadaos sila ng mga paglalagom at mga punahan at pagpuna sa sarili batay sa rebolusyonaryong asal at pamantayan, kabilang na ang teorya at praktika ng linyang masa. Palagi silang nagsisiyasat at kolektibong nagsusuri sa mga kalagayang nakapalibot sa kanilang pagkilos, para makaagapay sa mabilis na pagbabago.

Isang kadre ng Partido lamang ang kailangang gumabay sa isang grupong N-D. Tinutulungan niya silang magsuri sa kalagayan, gumawa ng mga planong mahusay na nagtitimbang sa pagpapalawak at konsolidasyon, at umasikaso sa lahat ng iba pang dapat gawin para maipagtagumpay at mapaunlad ang mga pagkilos.

Sa ganitong paraan, mas maraming panahon ang ibang mga kadre at ang mga komite ng Partido para humarap sa mga usapin ng matagalang pagdidireksyon at masaklaw na mga pagsusuri at pagbabalak mula sa Marxista-Leninistang pananaw. Mas malaking atensyon ang naibibigay ng mga komite at yunit ng Partido sa pampartidong pag-aaral, malalimang mga paglalagom, gayundin sa paghahanda at pagrekluta ng mga bagong kasapi.

Samantala, ang mga grupong N-D ay napapanday habang sumasalo sa mahalagang gawain ng tuwiran at pang-araw-araw na pamumuno sa rebolusyonaryong pagmumulat at pakikibaka ng kinikilusan nilang sektor. Tumatatag ang rebolusyonaryong paninindigan at syentipikong pag-iisip ng mga aktibistang bumubuo ng mga ito. May malalim na balong mapag-iigiban ng mahuhusay na bagong rekluta para sa Partido.

## Pagtatayo

Sa hayag na kilusang masa, lumilitaw ang maraming pambansang demokrata na naigugrupo sa mga libia na kolektiba. Lumilitaw ang pinakaabanteng mga elemento sa isang sektor habang may pakikibakang pampulitika. Sila ang mga namobilisa na sa mga pampulitikang aksyong masa, nakapaloob sa mga ligal na samahan, nakipagsalamuha na sa iba pang mamamayang nagtatrabaho, at nakapag-aral na ng ligal na edukasyong pampulitika.

Esensyal na usapin ang pamamaraan sa pagtukoy ng mga ipapaloob sa mga grupong N-D, sa paghahanda at pagtatayo ng grupo, at aktwal na pagpapaandar at tuluy-tuloy na pagpapatatag ng mga ito.

Para mahusay na matukoy ang mga elementong paunlarin, dapat paramihin natin ang mga kakilala sa hanay ng pagtatayuan ng grupo at kilatisin ang uring kinabibilangan, personal na kasaysayan, at ang mga kahusayan at kahinaan ng bawat isa. Batay dito, mapipili na kung sinu-sino sa mga mapagkakatiwalaan ang may relatibong malaking potensyal sa pangunguna.

Mahalagang maipakilala muna natin sa kanila nang sapat ang mga prinsipyo at layunin ng rebolusyonaryong kilusan at makamit ang kanilang pananalig, bago hilingin o asahan sa kanila ang may kataasang antas ng sakripisyo para sa organisadong pagkilos. Basta't sapat nilang nasasapol ang mga batayan at ang importansya, sila na mismo ang magboboluntaryo o kaya'y madali silang tumanggap ng mga atas.

Habang ang mga nabibilang sa mga panggitnang pwersa ay sensitibo sa maipagpapalagay nilang manipulasyon o pandidikta sa kanilang indibidwal na pagpasya, taglay naman nila ang mataas na kakayahang maunawaan ang katwiran ng ating mga paliwanag. Susi ang dagdag na tiyaga at pag-iingat sa ating panig. Sa pagpapaunlad sa kanila, ang mahalaga ay aktibong pagpupunyagi, hindi ang walang-tiyagang pagmamadali. Mali rin ang konserbatismo at pagpapabaya.

Sa maraming kaso, ang paghahanda sa pagtatayo ng mga grupong N-D ay dumadaan sa kumbinasyon ng sarisaring aktibidad na impormal, gaya ng pagpapadalo sa kanila sa mga impormal na talakayang pampulitika at pagpapalahok sa kanila sa mga proyektong madaling matapos.

Habang tinutulungan silang maglagom sa indibidwal at kolektibo nilang mga karanasan, lumiliwanag sa kanilang sariling pagsusuri na kailangan ang mas organisado at sistematikong pagkilos para maging mas makabuluhan ang ambag nila sa kabuuang pakikibaka.

Kung ang binubuo ay grupong ipapaloob

sa isang nakatayo nang pambansa-demokratikong organisasyong masa, kailangang asikasuhin ang pagrerekluta sa kanila bilang mga bagong kasapi ayon sa mga patakaran ng organisasyong masa.

### Pagpapaandar

Matapos maitayo nang pormal ang grupong N-D, kailangang planuhin at isagawa agad nito ang panimulang mga pormal na pag-aaral at pagpoprograma ng mga gagawin, nang may kaukulang pagsasaalang-alang pa rin sa obhetibong kalagayan sa kanilang okupasyon (pagbabadyet ng oras, atbp.). Kabilang sa unang dapat pag-aralan ang oryentasyon ng pagkilos sa kanilang sektor at ang partikular na mga katangian at kalagayan ng lugar o institusyong kinikilusan ayon sa naunang panlipunang pagsisiyasat.

Sa mga pagpupulong at sa aktwal na pagkilos, dapat makamit ang wastong balanse ng sapat na paggabay ng Partido at ng pagpapalawig sa inisyatiba at sigasig ng mga pambansang demokratang bumubuo ng grupo.

Ang mga kadre at kasapi ng Partido na namumuno at gumagabay sa grupo ay dapat maging huwaran sa rebolusyonaryong asal, syentipikong pag-iisip, at pakikipagkaisa sa masa. Dapat ding maging matulungin at mapagmalasakit sila sa nahihirapang mga kasama habang pinaninindigan ang kawastuan ng rebolusyonaryong prinsipyo. Sa ganitong paraan, unti-unti nang naipapakilala sa mga aktibista ang mga katangian ng wastong pamumuno ng Partido. Maliban sa magagamit nila agad ang mga aral mula sa mahusay nating halimbawa para sa pangunguna nila sa pakikibaka ng kanilang sektor, naihahanda na rin natin ang marami sa kanila para sa pagsapi sa Partido.

Bahagi ng pagpapatatag sa mga pambansa-demokratikong aktibista ang paniniyak na nagkakaroon sila ng sapat na pagkakataong makasalamuha ang batayang masa at makalahok, tuwiran man o hindi, sa aktwal na mga pakikibaka ng mga anakpawis. Habang lumalaon, ay dapat nilang mahikayat ang iba pang kasektor sa ganitong integrasyon sa masang maralita.

Ang pagtatayo at pagpapatatag ng maraming grupong N-D sa hanay ng mga panggitnang pwersa ay nangangailangan ng ibayong pagpupunyagi ng mga kadre't kasapi ng Partido at ng mga aktibista't iba pang pambansang-demokratang iginugrupo. Sa maiaambag namang lakas sa rebolusyonaryong kilusang masa, sa pagpapalaki ng Partido at sa pagharap sa matitinding bigwas ng pasistang kaaway, sulit na sulit ang pagpupunyaging ito. ●

## MGA GURO Natututo, nagbabago

"Sa *faculty meeting* namin kahapon," sabi ni Remina sa lider-istudyante, "napagkaisahan naming maglabas ng pahayag tungkol sa debalwasyon ng piso." Sumagot si Willy, "Okey 'yan! Pwede naming iprint kasama ang sa amin." Agad pumayag ang guro. Dagdag ni Willy, "Tiyak mas epektibo pag pinagsama natin ang dalawang pahayag."

Pinag-uusapan ng dalawa ang mga paghahanda para sa piket ng mga guro at istudyante sa harap ng upisina ni Punong Minister Cesar Virata. Ang piket ay pagprotesta sa pandidikta ng Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi at Bangkong Mundyal (IMF at World Bank) sa ekonomya ng Pilipinas.

"Tinalakay ko ang isyu sa klase kaninang umaga," sabi ni Remina. "Masigla 'yung talakayan. Nakakuha ako ng maraming magandang ideya na maisasama sa pahayag pagka sinulat ko na ito mamayang gabi."

Sa isang paraan, tinutugunan ni Remina ang kanyang responsibilidad bilang guro. Ngunit di tulad noon, ang kanyang gawain sa pagtuturo ay hindi na nalilimita sa silid-aralan at mayroong bago sa kanyang itinuturo.

### Sitwasyon

Ginagampanan ng mga guro ang mahalagang papel sa pagbibigay ng mga kasanayan at kaalaman sa mga istudyante parr maging kapaki-pakinabang sa lipunan. Subalit sa ngayon, ang imperyalismong US at lokal na naghaharing uri ang talagang nakikinabang sa mga serbisyong ibinibigay ng mga guro sa lipunan. Sa pamamagitan nila, pinalalaganap ng sistemang edukasyon ang mga kaisipan, kasanayan at aktitud na kailangan para panatilihin ang malakolonyal at malapyudal na kaayusan ng lipunang Pilipino.

Pero ang ganito ring kaayusan ang nagsasamantala at nang-aapi sa mga guro. Ang mga titser ay tumatanggap ng napakababang sweldo, dumaranas ng napakasamang kundisyon sa paggawa, at nagsasabalikat ng napakabigat na gawain. Nababawasan pa ng mga sapilitang kontribusyon ang natatanggap ng mga guro sa mga iskwelahang publiko at pinepwersa silang magbigay ng dagdag na serbisyo nang walang bayad.

Sa pulitika, pinagkakaitan ng mga karapatan ang mga guro. Wala silang kalayaang hanapin at ipahayag ang katotohanan at malayang talakayin ang iba't ibang ideya. Wala rin silang karapatang lumahok sa pagbubuo ng mga patakaran sa mga usaping nakakaapekto sa kanilang gawain at kapakanan. Mas grabe pa, pinipigilan silang magbuo ng unyon.

Ang mga problemang ito, tulad ng mga problema ng istudyante, ay tuwirang nauugat sa imperyalista't pasistang kontrol sa sistema ng edukasyon. Pinalala ng diktadurang US-Marcos ang komersyalisasyon ng sistema ng edukasyon at pagpapabaya ng estado sa edukasyong publiko. Ipinakakarga sa mga istudyante at guro ang lumalaking gastos sa pag-aaral. Isinasalaksak sa kanila ang pasistang ideolohiya at mga imperyalistang programa sa edukasyon. Ginagamit kapwa ang panlilinlang at dahas para sagkaan at supilin ang kanilang mga aktibidad at protesta.

Karamihan sa mga guro, mula elementarya hanggang kolehiyo, sa iskwelahang publiko man o pribado, ay kabilang sa mababang antas ng petiburgesya. Kulang na kulang ang kanilang sweldo. At dahil dito, pwersado silang dagdagan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pribadong liksyon, pagbili at pagbebenta ng kung anu-ano kasama pati ang seguro, memorial plan at iba pa. Gustong-gusto nila ng pagbabago at nitong mga huling taon, naglulunsad na sila ng mga aksyong masa para ipaglaban ang mas mataas na sweldo at mas mainam na kundisyon sa paggawa. Ang mas maliit na porsyento naman ng mga guro na tumatanggap ng mas malaking sweldo at nagtatamasa ng kaunting pribilehiyo, ay kabilang sa panggitna at nakatataas na antas ng petiburgesya.

## Opinyong publiko

Di kaila sa pasistang rehimen na matagal nang disgustado ang mga guro sa kanilang kalagayan. Sa pagsisikap na hadlangan ang di mapipigil na pagkamulat ng mga guro sa rebolusyon, magkaakibat na ginagamit ng rehimen ang pananakot at pagbibigay ng pangako (na di naman tinutupad) at ilang konsesyon (na wala namang katuturan).

Sa hanay ng mga intelektwal, ang mga istudyante't guro ang may pinakamapagpasyang papel sa pagbubuo ng opinyong publiko. Bukod sa mayroon silang matalas na pandama sa pulitika, sila'y marami at malaganap. Nakatipon sila sa mga paaralan at sa mga partikular na lugar kapwa sa lunsod at kanayunan.

Bagamat sa pangkalahata'y mayroon lamang mga tatlong guro sa bawat isang daang istudyante sa buong bayan, may susing papel ang mga guro sa pagbubuo ng mga ideya sa hanay ng mga istudyante.

At kaugnay naman ng mga intelektwal sa kabuuan, makabuluhan ang bilang nila. Mayroong mga 93,000 guro sa mga pribadong paaralan at daan-daan pa sa mga kolehiyo at pamantasan ng gubyerno. Ngunit ang lubos na nakakarami--mga 350,000--ay nasa mga publikong iskwelahang elementarya at hayskul na nasa kanayunan ang karamihan. Kung tutuusin, ang mga guro ang mayorya ng intelektwal sa kanayunan.

## Kilusang propaganda

Maaaring gamitin ng mga guro ang kanilang kasanayan at pusisyon para ipalaganap ang katotohanan tungkol sa kalikasan ng lipunang Pilipino at para itaguyod ang mga ideya ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Sa ganitong paraan, naitatransporma nila ang kanilang papel sa lipunan; imbis na maging instrumento ng diktadura sa pambubulag ng mga kabataan, isinusulong nila ang rebolusyonaryong pagbabago.

Bilang mga propagandista ng pambansa-demokratikong kilusan, ang bawat pagkakataon ay ginagamit ng mga gurong mulat sa kanilang bagong papel para magsagawa ng propaganda--sa loob o labas man ng silid-aralan. Sa silid-aralan, ang mga nagtuturo ng mga syensyang panlipunan ay mas nasa pusisyon na isagawa ito, ngunit di ibig sabihin na di rin iyon magagampanan ng mga nagtuturo ng syensyang pangkalikasan at ibang sabdyek. Sa labas ng silid-aralan, sa mga miting, simposyum at ibang pagtitipon, nakapagpopropaganda ang mga titser sa kapwa-titser nila at maging sa mga magulang.

Maaabot ng mga guro, di lamang ang mga kapwa-guro at istudyante, kundi mas mahalaga pa, ang mga ibang sektor ng lipunan laluna ang mga manggagawa at magsasaka, sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa kanila sa pook ng trabaho, sa mga rali, aksyong masa at pakikibakang masa. Sa ganitong paraan, natututo sila mula sa mga manggagawa at magsasaka habang ginagampanan ang kanilang papel bilang

guro. At bunga ng kanilang pakikisalamuha sa masa, nakakakuha sila ng mas kongkretong kaalaman na magagamit nila sa kanilang pagtuturo sa silid-aralan.

Syempre, ang mga anyo ng pagpopropaganda at pag-oorganisa ay magdedepende sa partikular na sitwasyon na kinalalagyan ng bawat guro. Ibig sabihin, ang kilos ng mga guro sa lunsod ay maaaring kakaiba sa mga naroroon sa kanayunan; ang nasa mababang paaralan ay maaaring kumilos nang kakaiba sa mga nasa hayskul; ang gawain ng mga guro sa pribadong iskwelahan ay maaaring kakaiba sa mga gawain ng nasa iskwelahang publiko at iba pa.

Ngunit sa pangkalahatan, mas madaling gampanan ng mga guro ang kanilang papel kung mahigpit nilang iniuugnay ang kanilang pakikibaka at kilusan sa mga istudyante. Pareho ang mga problema na kinakaharap nila. Pareho ang papel at tungkulin nila sa rebolusyon bilang mga propagandista para sa pambansang demokrasya. Maaari nilang pahigpitin ang kanilang pagkakaisa sa pamamagitan ng magkasabay na pakikibaka at rebolusyonaryong pagkilos.

Dapat biguin ng mga guro at istudyante ang anumang pagsisikap na gamitin ang panlilinlang o mga makitid na isyu para hatiin ang kanilang hanay. Halimbawa, ang panawagan ng mga istudyante na itigil ang pagtaas ng matrikula ay tinatangkang gamitin ng mga kapitalistang nagmamay-ari ng iskwelahan para huwag taasan ang sweldo ng mga titser. Ang maliliit na reklamo tulad ng sa pamamaraan ng pagtuturo ay pinalalaki para magbunsod ng kawalang tiwala at pagkalito sa pagitan ng mga guro at istudyante.

Para lalo pang maparami ang kanilang hanay, maaaring abutin din ng mga guro ang iba pang manggagawa sa edukasyon at ipaloob sila sa sarili nilang mga pakikibaka at kilusan. Ang mga *librarian, guidance counselor*, empleyado sa upisina, dyanitor ay maaari ding mapaunlad bilang mga propagandista. Pwede ring makipag-alyansa ang mga guro sa mga progresibong nagmamay-ari ng paaralan at mga may katungkulan sa edukasyon.

## Pamumuno ng Partido

Para mapaunlad nang maramihan ang mga guro bilang propagandista para sa pambansang demokrasya, dapat palakasin ng Partido ang pamumuno nito sa kanilang kilusan.

Sa mga pangunahing sentrong lunsod, isa sa diin ng gawain ang lalo pang pagpapaunlad sa mga pakikibakang pang-ekonomya ng mga guro at pakikibaka para sa demokratikong karapatan. Ang kahalagahan ng pagsisikap na ito ay nasa pagpapalapad pa ng kanilang kilusan at sa pagpapanday sa kanila sa pakikibakang masa.

Habang nagpupunyagi dito, sinisikap ng mga kasama na magsagawa ng pampulitikang edukasyong masa sa bawat hakbang. Ginagawa ito nang sistematiko at epektibo, at gumagamit ng iba't ibang porma at paraan, hayag at lihim. Ginagamit ang mga kurso sa pag-aaral, regular na dyaryo, talumpati, nakasulat na pahayag at iba pang paraan ng propaganda para palagiang mabigyan ng edukasyong pampulitika ang mga guro. Ang direksyon ng ganitong edukasyong pampulitika ay upang palahukin ang paparaming bilang ng mga guro sa mga aksyong pampulitika at pakikibaka ng sambayanan, at upang magrekrut at magkonsolida ng mas maraming kasapi para sa mga pambansa-demokratikong grupong lihim.

Ang Partido ay di lamang nagsasagawa ng malawakang pagpopropaganda, kundi



nagbubuo o nag-iimpluwensya rin ng mga alyansa, asosasyon at institusyon ng mga guro. Sa ganitong paraan mas maraming naaabot na mga guro. Ngunit ang gawaing ito ay kailangang epektibong ikombinasyon sa solidong pag-oorganisa. Dapat maraming konsolidadong grupong N-D at ilang bilang ng matatatag na samahan para magsilbing gulugod ng masaklaw na kilusan at tumayo bilang organisadong lakas ng masa.

Marami pa ang kailangang gawin upang maiagapay ang kilusang guro sa kilusang istudyante at kasabay nito, umunlad bilang ganap na kilusang pulitikal para sa pambansang demokrasya. Ngunit nagsimula na itong gumulong at taglay nito ang sigla at determinasyong sumulong nang mabilis. Sa darating na mga taon, ang rebolusyon ay tiyak na magkakaroon ng sampu-sampung libong propagandista mula sa hanay ng mga guro.

**Sa Kordilyera**

# Digmaan at kapayapaan

Sa mga tribung Kalinga, sa kabundukang Kordilyera sa hilagang Luson, nagkakaroon ng bagong kahulugan ang magkasalungat na aspetong digmaan at kapayapaan. Nagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan para mawakasan at maiwasan ang digmaan ng mga tribu at itaguyod ang kapayapaan, na siyang kundisyon para sama-sama nilang maisulong ang armadong pakikibaka sa iisang kaaway, na kaaway rin ng buong sambayanang Pilipino--ang diktadurang US-Marcos.

Habang sumusulong ang digmang bayan, nagkakaroon ng mga pagbabago sa kanilang tradisyon ng digmaan at kapayapaan, isang tradisyon na may ilandaang taon nang kasaysayan.

Noong unang panahon, nang di pa naitatakda ang saklaw ng teritoryong pinagkukunan ng pagkain (hayop, bungangkahoy, isda at iba pa) ng mga tribu, humantong sa digmaan ang pag-angkin ng mga tribu sa teritoryo ng isa't isa. Sa partikular, nakikipagdigma ang mga tribu para mang-angkin o magtanggol ng teritoryo, kasama na ang taniman, pinagkukunan ng tubig at panggatong.

Dahil sa pinsalang idinudulot ng digmaan sa buhay ng mga komunidad--unang-una na'y di naasasikaso ang kabuhayan kapag laging naglalabanan--, lumitaw ang tradisyon ng bodong o kasunduan sa kapayapaan. Sa pamamagitan nito, itinatakda ang saklaw ng teritoryo ng mga tribu at inilalatag ang kundisyon para sa mapayapang relasyon sa pagitan nila.

Pero sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, di na mula sa ibang tribu nanggagaling ang pinakamalaking banta at agresyon. At ang tradisyon ng digmaan at bodong ay tinatangkang gamitin ng rehimen para lalong guluhin at mapagsamantalahan ang mga Kalinga. Di na nga natutugunan ng reaksyonaryong estado ang mga kinakailangang garantya sa kanilang kaligtasan, kabuhayan, ari-arian at teritoryo, responsable pa ito sa paminsala at pagkakait ng kabuhayan sa mga mamamayan ng Kalinga.

Armadong pwersa ang pangunahing ginagamit ng rehimen para makapaghari sa mga Kalinga, lalo't parami nang parami sa kanila ang nakikihanay sa rebolusyonaryong kilusan laban sa diktadura. Kaakibat ng tahasang panunupil ng reaksyonaryong militar, gumagawa ang rehimen ng mga hakbang para manatiling hati-hati ang mga komunidad ng Kalinga at hadlangan ang kanilang pagkakaisa. Karamihan sa 14 na digmaang sumiklab sa Kalinga mula 1979 ay nagmula sa mga insidenteng nilikha ng mga ahente ng rehimen.

Sa gayo'y napapag-away-away ang mga tribu at sa pangkalahatan ay napapahina ang kakayahan ng buong komunidad ng Kalinga na labanan ang rehimen. Inaasahan din ng rehimen na ilagay sa alanganin ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan na kumikilos dito, at maubos ang panahon nila sa pag-aayos ng mga gulo.

Ang isa pang paraan ng rehimen para hatiin ang mga minorya ay ang pagbibigay ng armas sa mga di kanais-nais na myembro ng ilang tribu, na binubuo bilang yunit ng CHDF o ispesyal na yunit sa likidasyon. Sinusulsulan ng rehimen ang mga ito na gantihan ang ibang tribu na nakabangga nila sa nakaraan o kaya'y duruin o salakayin ang mas mahinang tribu.

Nagtayo rin ang reaksyonaryong militar ng ispesyal na armadong grupo tulad ng Kalinga Trainees at Task Force Kania na binubuo ng mga nirekluta sa mga tribu. Maraming bodong ang nabalewala at sumiklab ang alitan sa pagitan ng mga tribu bunga ng pananalasa ng mga grupong ito sa iba't ibang komunidad.

## Pagsasaayos

Mahalagang mapanatili ang kapayapaan sa pagitan ng mga tribu para magkaisa sila at makiisa sa rebolusyonaryong pakikibaka laban sa rehimen, at ito ang patakarang aktibong ipinatutupad ng Par-

PAGKAKAISA ng mga tribung Kalinga laban sa tunay na kaaway: sa pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan, binibigyan ng bagong kahulugan ang tradisyon ng digmaan at kapayapaan.



tido at hukbong bayan sa lugar.

Nagagawang mamagitan ng rebolusyonaryong kilusan sa mga digmaan dahil sa respetong taglay ng BHB at mga organisasyong masang pinamumunuan ng Partido. Ang mataas na pagtingin sa kilusan ay dulot ng mga tagumpay sa armadong pakikibaka, kampanyang masa at iba pang gawain na nagtataguyod sa interes ng masa. Dagdag pa, ang mga yunit ng BHB at organisasyong masa, na kinabibilangan ng maraming kadreng Kalinga, ay kilala sa pagiging makatarungan.

Sa pagsasaayos sa mga alitan ng mga tribu, tinatanaw ng kilusan na sa esensya'y di antagonistiko ang kontradiksyon sa hanay ng mga mamamayan, at pundamental ang batayan at pagnanais ng kapayapaan.

Sa bagay na ito, kinikilalang huwaran si Macli-ing Dulag, ang pangat o lider ng tribung Butbut na nanguna sa paglaban sa proyektong Chico Dam ng rehimen. Pinatay ang kanyang anak, at ang buhay niya mismo'y pinagtangkaan, pero hindi siya pumayag na gantihan ang mga taong

SI MACLI-ING Dulag ay nanindigang pangalagaan ang bodong, sa kabila ng pagpatay sa kanyang anak at pagtatangka sa kanyang buhay: pundamental ang batayan at pagnanais ng kapayapaan.




may kagagawan. Higit na mahalaga, aniya, na mapanatili ang kapayapaan at pagkakaisa ng mga tribu laban sa tunay nilang kaaway. Ang bayaning si Macli-ing Dulag ay namatay sa kamay ng kaaway noong 1980.

Sa panig ng BHB, nakapagsaayos ito ng pitong kasunduan mula 1978 at apat sa walong kaso ng pansamantalang pagtigil ng labanan. Mangyari pa, hindi lumalahok ang BHB sa digmaan ng mga tribu at hindi ito nagpapagamit sa isang panig laban sa kabilang panig.

Ang mga organisasyon naman ay nagdaraos ng mga aksyong masa at nagbibigay ng edukasyong pampulitika upang mapangibabaw ang wastong makauri at rebolusyonaryong linya sa kalakaran ng bodong. Aktibo sa negosasyon mismo ang mga progresibong elemento, na nangunguna sa pagharap ng mga bagong mekanismo para maitaguyod pa ang pagkakaisa ng mamamayan at maiwasan ang walang kapararakang digmaan. Halimbawa, nililimita na ngayon ang ganting pagpatay sa kaso ng mga ahente ng kaaway na nagpasimuno sa digmaan.

Bukod sa bodong ng dalawang tribu, itinataguyod din ang pagdaraos ng kumperensya ng mga kinatawan para pagkasunduan ang isang bodong sa pagitan ng maraming tribu. Ang una sa mga ito'y ang bodong ng 1975 laban sa proyektong Chico Dam. Sinundan ito ng ilan pang kumperensya ng bodong na may ganitong diwa ng pagkakaisa laban sa pang-aapi ng rehimen, at nilahukan pa nga ang mga kumperensyang ito ng kinatawan ng mga tribu mula sa katabing probinsyang Bontoc. Kabilang sa probisyon ng mga kasunduang ito ang pagpwera sa proteksyon ng sistemang bodong sa mga Kalingang nagsusundalo sa

AFP, o kaya'y nagiging ahente ng kaaway o myembro ng CHDF.

Sa patuloy na pagpupunyagi para magkamit pa ng mas maraming tagumpay sa armadong pakikibaka at pagpapalakas ng mga organisasyong masa, higit na nagkakaroon ng kakayahan ang rebolusyonaryong kilusan na pagkaisahin laban sa rehimen ang mga pambansang minorya sa Kalinga, at gayundin sa ibang lugar sa Kordilyera, at biguin ang pakana ng rehimen na manghati't maghari sa kanila.

# Ispesyal na kursong pampartido

Isang indikasyon ng pagsulong sa organisasyon ng Partido ang sistematikong pag-atupag sa pag-unlad ng mga kadre, di lang sa lahatang-panig na pagkilos sa hanay ng masa kundi maski sa mga ispesyalisadong linya ng gawain.

Sa kasalukuyan, inumpisahan nang magbigay ng mga ispesyal na kursong pampartido sa mga kadre sa gawaing militar, kilusang manggagawa at rebolusyonaryong peryodismo. Samantalang nasa panimulang yugto pa lang ang mga ito--at madadagdagan ng iba pang nakatuon naman sa iba pang linya ng gawain--masasabing may mainam na ring resulta ang mga pag-aaral na naibigay.

Marami sa datihan nang mga kadre ang sumabak sa gawain, noong unang mga taon, nang halos walang ibang pinanghahawakan kundi ang pangkalahatang linya ng Partido at, sabi nga ng isa, ang determinasyong maglingkod sa sambayanan sa abot ng makakaya. Para sa mga kadreng ito, ang pagkuha ng kurso ay nakatutulong na masistematisa ang mayamang kaalamang naipon sa ilang taong praktika. Mas malalim nilang nauunawaan ang mga prinsipyong gumagabay sa partikular na linya ng gawain.

Para naman sa mga kadreng bago sa gawain, ang kurso ay nagbibigay ng pamilyaridad sa pangkalahatang teorya, prinsipyo at pamamaraan sa partikular na linya ng gawain. Dahil maaga pa lang ay naaarmasan na sila ng ganitong kaalaman, tiyak na lalong mabilis ang kanilang pag-unlad kaysa kung magdadaan pa sa mahabang proseso ng sari-sariling pangangapa sa gawain.

Sa mga kursong ito, mahigpit na pinagsasanib ang teorya at praktika, ang pangkalahatang kaalaman at ang partikular na kaalaman. Sa isang banda, tinatalakay ang mga Marxista-Leninistang prinsipyong pumapatnubay sa gawain, ang kabuuang sitwasyong pumapalibot at nagtatanghal sa mga gawain ngayon, at ang linya, panawagan at mga tungkuling itinatakda ng Partido para dito sa kasalukuyang yugto ng rebolusyon. Sa kabilang banda, matingkad na katangian ang paglalahad ng aktwal na karanasan, na nagkokongkreto sa mga prinsipyong pinag-aaralan. Sa kaso pa ng mga kurso sa gawaing militar at sa propaganda, nagdadaos ng aktwal na treyning o *workshop*, para may pagkakataon ang mga mag-aaral na magsanay agad sa pagsasapraktika ng mga prinsipyo't pamamaraang natutunan.

Mangyari pa, namamayani sa pag-aaral ang rebolusyonaryong diwa ng pagkatuto sa isa't isa, sa pagitan ng mga instruktor at mag-aaral, at sa pagitan mismo ng mga mag-aaral. Masiglang ibinabahagi ang mga karanasang nagbibigay ng liksyon, tagumpay man o kabiguan, nakatutuwa man o malungkot. Sa pagsusuri sa mga abanteng karanasan, may naitatakdang pamantayan ng kahusayan at katumpakan na maaaring maabot din ng karamihan.

Nabibigyan ng masusing gabay ang mga kadre sa pagdalo nila sa ganitong kurso, na isang importanteng daluyan para sa ditalyadong paglalahad at pagpapaliwanag ng partikular na oryentasyon at mga patakaran at disisyon ng Partido. Sa kabilang banda, dagdag na pagkakataon para sa mga namumunong organo ng Partido ang pagbibigay ng pag-aaral para masubaybayan ang takbo ng gawain sa nakabababang antas.

Sa kanilang mas malalim na pagkakilala sa isa't isa na natatamo sa pagdalo sa kurso, nabibigkis ang mga kadre at nabubuksan ang daan para sa kanilang pagtutulungan at koordinasyon. Bukod pa, at lalong mahalaga, nagkakaroon sila ng kakayahang palargahin ang sariling inisyatiba at magsanay ng iba namang mga kadre at aktibista sa linya ng gawain.

Gaya ng mga kumperensya, paglalagom, at pampulitikang pag-aaral, ang mga ispesyal na kurso ay isa sa mga sangkap ng komprehensibong pagpapaunlad sa mga kadre ng Partido. Habang mas marami ang nabibigyan ng pag-aaral, naitataas ang pangkalahatang antas ng kakayahan sa teorya't praktika ng mga kadre, at mas abante pang mga kurso ang tutugon sa bago nilang pangangailangan.

**Responsibilidad ng rehimen:**

# Kriminalidad

Muling kinagalitan ni Marcos kamakailan ang kontroladoniyang masmidya dahil masyado raw pinatatampok ang mga krimen. Ang totoo, napakaliit na bahagi lang ng mga krimen ang ibinabalita sa dyaryo. Nito ngang Hulyo, inamin ng hepe ng PC-INP na dumami nang mahigit 50 porsyento ang mga naitalang krimen noong 1981 kung ihahambing sa rekord ng 1971 o bago magbatas-militar. At malayung-malayo rin sa pagkakumpleto ang mga rekord na batayan ng ganitong pagtatantya.

## Organisado, pang-araw-araw

Pang-araw-araw na pangyayari sa mga kalunsuran at kanayunan ang mga patayan, nakawan, pangingidnap, panggagahasa, panununog, pangingikil, sarisaring raket at ismagling. At mula nang magbatas-militar, lumaki nang lumaki ang organisadong kriminalidad, na sumasaklaw din sa malakasang sugalan, malakihang pagbubunsod ng prostitusyon, at pagpapalaganap ng *drugs*. Lumawak ang operasyon ng mga kriminal na sindikato na ang marami'y pinamumunuan ng mga upisyal na militar at sibilyan at mga kamag-anak ni Marcos.

Ang naibabalita sa masmidya ay iyon lamang malalaking insidente, gaya ng pagnanakaw ng upisyal at pitong sarhento ng PC sa isang bangko sa Maynila noong Hunyo, at paglahok ng tatlong pulis-Maynila sa pagpatay at pagholdap sa isang bangko sa Mindoro nito namang Hulyo.

Hindi ibinabalita, at hindi talaga inirerekord ng pulisya, ang maraming kaso ng pandarahas ng mga yunit at tauhan ng AFP sa masa laluna sa kanayunan; ang pang-araw-araw na pangingikil--kuleksyon ng tong--sa mga tsuper ng dyipni, tindera sa palengke, at may-ari ng tindahan at kainan. Ganito rin ang malakihang pasugal kaugnay ng halos lahat ng larong pampalakasan, sa ilalim ng ilang myembro ng pangkating Marcos at ng kasosyo nilang mga sindikato. Ganito rin ang kaliwa't kanang panggagantso, at pagtitinda ng kung anu-anong huwad na produkto at huwad na serbisyo, mula sa pekeng etiketa ng sardinas hanggang sa pekeng kontrata ng trabaho sa Saudi Arabia.

Karamihan sa mga biktima at saksi ay hindi nagrereport sa pulisya dahil alam nilang walang kahihinatnan at delikado pa nga ang magreport. Batid ng lahat na kasapakat at tagapagtanggol ng mga sindikato ang mga pulis at maging ang maraming piskal at huwes, at nangingikil pa ang mga ito habang nagsasagawa ng walang paroroonang mga imbistigasyon.

## Responsibilidad

Ang paglala ng kriminalidad ay isa mismong krimen ng diktadurang US-Marcos sa sambayanang kinukulektahan nito ng buwis para tiyakin ang "kapayapaan at kaayusan." Katunayan, pangunahing kriminal sa Pilipinas ang magkatuwang na rehimen ng imperyalismong US at pangkating Marcos--patuloy itong nanunungkulan sa ninakaw na kapangyarihan at nagpapasasa sa panghuhuthot sa kaban ng bayan habang niyuyurakan ang saligang karapatan ng mamamayan.

Dagdag pa, ang mga upisyal at tauhan nito, laluna sa AFP, at ang mga kabig ng diktador, ang namumuno sa mga sindikato at aktwal na pumapatay, nagnanakaw, nangingikil, nanghuhuwad, at nagnenegosyo



sa mga bisyong antisosyal. Sa 81 "pinakawanted na mga kriminal" na naitala ng pulisya, 36 o halos kalahati ay mga pulis at tauhang militar. PC ang nagtatanim ng marihuwana sa Hilagang Luson at sila rin kunwari ang nagreреyd sa mga taniman para maani at maibenta ito.

Pinananatiling bulok at inutil ang sistema ng hustisya at pamamarusa. Laging inaagrabyado ang maliliit, at marami ang nagigitgit at nababaon sa buhay-lumpen. Pakitang-tao lang ang mga kampanyang antikrimen at ginagamit pa nga para makapagmanman ang mga pasistang ispya, gaya ng "*secret marshals*" sa Maynila.

Sadyang ginagamit ng rehimen ang paglaganap ng kriminalidad para maghasik ng takot at kawalang-tiwala sa hanay ng mamamayan, sa tangkang papanghinain ang kanilang pagkakaisa at kakayahang kumilos laban dito. Sa maraming kaso naman, tuwirang ginagamit ang mga bayarang lumpen para guluhin ang mga welga at iba pang demonstrasyon.

Sa batayan, ang rehimen ang responsable sa kasalukuyang tindi ng kabulukan ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, nasasaklaw na ang matinding kahirapan na kundisyon para sa paglaganap ng kriminalidad. Kundisyon din ang bulok na lipunan para sa paglaganap ng kawalang-pag-asa na nagbubunsod naman ng mga bisyong antisosyal, gaya ng pagsusugal, prostitusyon, at pagkagumon sa narkotiko at alak.

## Kinokontra ng kilusan

Habang inuunawa ang panlipunang kontekstong nagpapasulpot at nagpapalaganap dito, hindi kinukunsinti ng rebolusyonaryong kilusan ang mga krimen. Sa dalawang paraan ay kinokontra natin ang kriminalidad.

Una, nakikibaka ang buong rebolusyonaryong hanay para maibagsak ang reaksyonaryong gubyernong pangunahing responsable sa paglaganap ng kriminalidad at para mapalitan ang bulok na lipunan ng isang makatarungan at progresibong lipunan na ang perspektiba'y ang pagpawi sa anumang anyo ng pagsasamantala.

Pangalawa, sa mga larangang-gerilya ng Bagong Hukbong Bayan ay pinaiiral na ang rebolusyonaryong kaayusan na kakikitaan ng tunay, demokratiko at mabilis na katarungan. Sa pagpapataw ng karampatang parusa, hanggang kamatayan, sa mabibigat na pagkakasalang pamamatay-tao, pangangalabaw, at panggagahasa, nababawasan nang malaki ang ganitong mga krimen sa isang lugar sa sandaling magsimulang kumilos doon ang mga yunit ng hukbong bayan. Sa pagbibigay ng mahihigpit na babala para sa di gaanong mabibigat na krimen, nagagawa nating manyutralisa at mapabago ang mga di pusakal na kriminal. Sa lahatang-panig na pagpapaunlad sa kabuhayan at sa pampulitikang pagkakaisa ng mamamayan, nababawasan kundi man napapawi sa mga lugar na kinikilusan natin ang mga kundisyong panlipunan na nagbubunsod ng kriminalidad. Sa pagtataguyod ng rebolusyonaryong masa sa sariling kapangyarihan at kapalaran, napapawi ang kawalang-pag-asa at muling nabubuhay ang tiwala nila sa kinabukasan at sa kauri't kaibigan.


Isa sa malalaking problemang panlipunan sa ngayon ang kriminalidad, at nakadaragdag ito sa kaapihan ng masa at nakapagpapatindi sa kanilang kahirapan. Gaya ng iba pang masasaklaw na suliranin ng Pilipinas, nasa rebolusyonaryong pakikibaka ang tunay na kalutasan. ●

BALITA

# Aquino

Naglabas ng pahayag noong Agosto 25 ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas na kumokondena sa patraydor na pagpatay sa lider ng oposisyon na si dating Senador Benigno Aquino Jr.

Binaril at pinatay si Aquino noong Agosto 21, pagtuntong niya sa Pilipinas makaraan ang tatlong taong distyero sa US. Isang diumano'y di kilalang tao ang bumaril sa kanyang ulo nang malapitan, habang ihinahatid siya ng mga sundalo ng AFP sa isang naghihintay na sasakyan, ayon sa rehimen.



AQUINO

Si Aquino ang pangunahing karibal ni Marcos sa pulitika. Ikinulong siya noong 1972 nang ideklara ang batas militar. Noong 1980, sa pangambang mamatay sa kamay nito si Aquino, pinayagan ng rehimen na magpaopera siya sa puso sa US. Sa hangad na pagkaisahin ang ligal na oposisyon laban kay Marcos, ipinasya ni Aquino na bumalik, sa kabila ng pagpigil at pagbabanta sa kanya ng rehimen.

Responsable sa pagkamatay ni Aquino ang rehimen, na tigmak na ng dugo mula sa tuluy-tuloy at sunud-sunod na pagmamasaker at pagpatay sa mamamayan--manggagawa, magsasaka, intelektwal, propes-

yunal, istudyante, taong simbahan at iba pa. Dito'y sinusulsulan at tinutulungan ang rehimen ng lubos na suporta sa pulitika, militar at ekonomya na ibinibigay ng imperyalismong US.

Kinondena rin ng mga gubyerno, grupo at indibidwal sa ibayong-dagat ang pagpatay kay Aquino. Samantala, pinawalang-sala kaagad ng gubyerno ng US ang rehimeng Marcos. Sinabi pang itutuloy ni Presidente Ronald Reagan ang planong bumisita rito sa Nobyembre.

Sa pahayag ng Komite Sentral, pinarangalan nito ang "napakalaking ambag" ni Aquino sa pakikibaka laban sa rehimen, habang tinatanggap na may pagkakaiba ng pananaw si Aquino at ang Partido tungkol sa pamamaraan ng pagbabagsak sa pasistang rehimeng Marcos.

Dagdag pa ng pahayag: "Ang kanyang halimbawa at sakripisyo ay mag-iiwan sa ating lahat ng kongkretong aral: na lahat ng pwersang nakikibaka sa pasistang rehimeng Marcos ay dapat magkaisa, maggumiit sa lahat ng anyo ng pakikibaka, makamit ang pagbagsak nito sa pinakamadaling panahon, at maipagwagi ang pambansa at panlipunang paglaya ng sambayanang Pilipino."

## Timog Luson

Nakakumpiska ng 33 riple ang Bagong Hukbong Bayan sa apat na probinsya sa timog Luson noong Mayo at Hunyo. Napatay pa ang isang medyor ng AFP.

Nireyd ng BHB ang munisipyo ng Basud, Camarines Norte, noong Hunyo 15, at kinumpiska ang 13 M16, dalawang rebolber at mahigit 2,300 bala. Nakapaglansi sa pagpasok ang mga gerilya kayat di nila kinailangang magpaputok.

Doon naman sa Calauag, Quezon, napatay sa isang ambus noong Hulyo 11 ang punong ispya ng 31st IB (PA), si Medyor Reynaldo Tapia. Nakumpiska ng BHB ang isang M16, mga bala, at mahahalagang dokumento.

Sa Gen. Luna, sa Quezon din, nireyd ng mga gerilyang bayan ang isang ditatsment ng 234th PC Company noong Mayo 24. Apat na M16 ang nakumpiska sa isang oras na labanan.

Sa Sipocot, Camarines Sur, nakumpiska ng BHB ang limang M16 at isang M203 sa isang ambus noong Mayo 1.

Isang ambus naman sa Castilla, Sorsogon, noong Hunyo 27 ang nagsampa ng anim pang M16, dalawang Garand at isang karbin para sa BHB. Patay ang 11 pasista, kabilang ang anim na pulis.

*(Silyab, mga koresponsal)*

## PDA

Sa harap ng malakas na protesta ng mamamayan, ipinahayag ng rehimeng Marcos noong Agosto 5 ang abolisyon ng *presidential commitment order* (PCO, atas ng presidente para sa pagpapakulong). Ang PCO ay naging target ng ilang buwang protesta.

Ngunit ang PCO ay pinalitan lamang ng bagong pangalan--*presidential detention act* (PDA, aksyon ng presidente para sa pagpapaditine). Si Marcos lang ang may kapangyarihang magsuri sa batayan ng bawat PDA (gaya ng sa PCO) at hindi ito masasaklaw ng kapangyarihan ng mga korte.

Samantala, tatlong grupo ng abugado ang nanawagan na bigyang-kabuluhan ang pag-aalis ng PCO.

Magkasanib na hiniling ng All-Asia Bar Association (balangay sa Pilipinas) at National Bar Association na ibalik ang karapatang magpyansa ng mga detenido. Nanawagan naman ang Lawyers' Campaign for Justice na bigyan ng amnestya ang mga detenidong pulitikal.

## Istudyante

Nagrali sa Liwasang Bonifacio sa Maynila noong Agosto 12 ang mahigit 1,000 istudyante ng anim na unibersidad at isang paaralan sa Metro Manila, para tutulan ang pagtataas ng twisyon sa 166 na iskwela at igiit na ibalik sa dati ang singil.

Ang mga demonstrador ay nagmula sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), University of the East (UE), Far Eastern University (FEU), Adamson University (AU), University of Manila (UM), National University (NU) at Philippine Maritime Institute (PMI).

Nauna rito, noong Agosto 10, may 100 istudyante ang nagtipon sa Executive House (dating gusali ng Konggreso), sa Maynila rin, para tuligsain ang maka-imperyalistang mga patakarang pang-ekonomya ng rehimen.

## Presyo

Patuloy na nagtataasan ang presyo ng mga bilihin at serbisyo, bunga pa rin ng debalwasyon ng piso noong Hunyo at ng

kasunod nitong pagtataas sa presyo ng gasolina.

Noong Agosto 8, itinaas nang humigit-kumulang 9 porsyento ang upisyal na presyo ng baboy, manok, itlog, sardinas at lapis.

Sumusunod ang iba pang pagtataas na itinakda ng gubyerno:

- Singil ng Meralco: dagdag na 4 1/2 sentimo bawat *kilowatt-hour*;
- Koreo: 50 porsyentong dagdag sa singil sa ordinaryong sulat;
- Pasahe sa dyipni: dagdag na singko sentimos sa minimum na distansya.
- Singil ng PLDT: 35 porsyento sa kabuuan; sa pinakamurang telepono, itinaas sa ₱82.15 mula ₱60.84 buwan-buwan;

# INTERNASYONAL

## Gitnang Amerika

Tinuligsa kamakailan ng siyam na bayan ang panghihimasok ng imperyalismong US sa Gitnang Amerika, partikular sa El Salvador at Nicaragua.

Noong Hulyo 24, ika-200 kaarawan ng bayaning si Simon Bolivar ng Venezuela, nagpahayag ang mga pangulo ng Bolivia, Colombia, Ecuador, Peru, Panama at Venezuela na dapat wakasan ang lahat ng anyo ng dayuhang panghihimasok sa rehiyon.

Nauna rito, nanindigan ang nagpulong na "Grupo ng Contadora" (mga kinatawan ng Mexico, Colombia, Venezuela at Panama), na "mga taga-Amerikang Latina ang dapat lumutas sa mga problema ng Amerikang Latina."

Pero nagmatigas pa rin ang presidente ng US na si Ronald Reagan at itinuloy ang pagdaraos ng pinakamalaking pagsasanay militar sa rehiyon, na kinondena ng maraming lider at mamamayan sa daigdig na lantarang "diplomasya ng panininidak."

Tinuligsa naman ni Presidente Fidel Castro ng Cuba noong Hulyo 26, ika-26 na anibersaryo ng pagtatagumpay ng rebolusyong Cubano, ang pangguguló ng imperyalismong US at sinabing may panahon pa para maiwasan ng superpower na ito ang isa pang pagkagapi ng US sa digmaan gaya ng sa Vietnam.

## India

May 121 milyong manggagawa at ibang mamamayan ng India ang nagdaos ng pangkalahatang welga sa Bihar, Orissa at Kerala noong Agosto 10 para tutulan ang mga patakaran ng sentral at mga pang-estadong gubyerno.

Partikular na tinuligsa ang mga patakaran pang-ekonomya ng punong ministrong si Indira Gandhi at ng kanyang partido.

May 1,000 ang inaresto sa Orissa at 200 sa Kerala.

## Peru

Nagdaos ng pangkalahatang welga ang may 500,000 mamamayan ng Peru noong Hulyo 25-26, bilang tugon sa panawagan ng rebolusyonaryong organisasyong "Maningning na Landas."

Pinaralisa ng welga ang komersyo, mga paaralan at mga upisina ng gubyerno sa timog-silangang bahagi ng bayang iyon sa Timog Amerika, at pinasabog ng mga gerilya ang isang tore sa komunikasyon ng internasyonal na paliparan sa Lima, ang kabiserang syudad.

Bago nito, pansamantalang kinontrol ng mga gerilya ang tatlong istasyon ng radyo at nanawagan sa mamamayan na umanib sa rebolusyon. Naglabas din sila ng mga polyeto. Noong gabi ng Hulyo 24, nagsindi sila ng mga sulo sa isang burol na malapit sa syudad ng Ayachuco. Mula sa malayo, ang mga sulo ay nagkahugis ng sagisag na maso't karet.

## Chile

Isang araw ng pambansang protesta laban sa rehimeng US-Pinochet ang muling idinaos ng mamamayan ng Chile noong Agosto 8. Ikaapat ito sa buwanang araw ng protesta na sinimulan noong Mayo.

Pangunahing porma ng demonstrasyon ang *noise barrage* o malakas na pagkakalampagan, samantalang daan-daang istudyante naman ang nagbarikada.

Nagmobilisa ang pasistang rehimen ng 18,000 tropa para supilin ang mga demonstrasyon. Di kukulangin sa 24 na mamamayan ang napatay nang paputukan ng mga tropa ang mga nagpoprotesta. Mahigit 1,000 ang inaresto.

Sampung taon na sa poder ang rehimeng US-Pinochet. Inagaw nito sa pamamagitan ng asasinasyon at kudeta ang kapangyarihan mula sa halal na pangulong si Salvador Allende noong 1973.